2006

# SUPPLEMENTAL SECURITY INCOME (SSI)
# KARAGDAGANG KITANG PANG-SEGURIDAD
## Mga Karapatan At Mga Katungkulan



**May karapatan ka na:**

### ANO ANG IYONG MGA KARAPATAN?

- Mag-apply para sa mga benepisiyo ng walang bayad.
- Makahingi ng tulong mula sa Social Security upang mag-fill out ng application at makakuha ng mga katibayang kinakailangan mo.
- Mayroong tutulong para sa SSI claim mo, at maari ring ang taong ito ay samahan ka kapag ikaw ay bumisita sa local na tanggapan ng Social Security.
- Magkaroon ng abogado o iba pang karapat-dapat na taong pinili mo upang kumatawan sa iyo.
- Hilingin na makita o makakuha ng kopya ng kaalamang nasa iyong mga talaan.
- Makakuha ng sulat na makapagsasabi sa iyo kung ano ang aming kapasyahan ukol sa mga benepisiyong maaari mong makuha, at kung ano o magkano ang ibabayad namin sa iyo.
- Mag-sumamo (appeal) sa karamihan ng mga pagpa-pasyang ginawa namin na kung maari kang makakakuha ng SSI, o ang halaga ng benepisyo sa SSI, kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa aming mga kapasyahan.
- Magkaroon ng interpreter na makakatulong, ng walang bayad, kung hindi ka masyadong marunong magsalita ng English para sa pakikipag-ugnayan mo sa amin.
- Makahingi ng tulong sa amin upang makuha ka ng iyong pang-medical na talaan.

**Ka-kailanganin mong ipagbigay-alam sa amin kapag:**

### ANO ANG IYONG MGA KATUNGKULAN?

- Lumipat ka o nabago ng iyong tirahan.
- Mayroong sino mang taong dumating o umalis sa bahay mo.
- Nagbago ang halaga ng iyong kinikita o ng iyong asawa o ng mga magulang mo.
- Nagbago ang pag-a-aring yaman o ang mga kagamitan mo o ng iyong asawa o ng mga magulang mo.
- Nakatanggap ka ng tulong sa pangka-buhayan mong panggastos o nakakuha ka ng kinitang nagmula sa mga kaibigan o kamag-anakan.
- Binawian ng buhay iyong asawa o sino man sa iyong mga kasambahay ang namatay.
- Ikaw ay nag-asawa, nakipag-hiwalay, o nag-diborsiyo.
- Binago mo ang iyong pangalan.

- Nagkaroon ka ng karapatan upang makatanggap ng iba pang mga benepisiyo o kabayaran.
- Ikaw ay pumasok o lumabas ng institusyon (tulad ng ospital, nursing home o kulungan)
- Umalis ka ng United States o bumalik sa United States.
- May inilunsad na utos para dakpin ka dahil sa ginawa mong krimen; o binalak na krimeng tinatawag na felony o mga nasa-sakupan nito na hindi maibubukod na krimen na hindi naman matatawag na felony. Ang krimeng ito ay mapapatawan ng kamatayan o pagka-bilanggo ng mahigit na isang taon.
- May inilunsad na utos para dakpin ka dahil nilabag mo ang iyong paglayang may- pasubali (parole) o panahong pagsubok (probation);
- May pagbabago sa iyong pag-dalo (attendance) sa paaralan (kung ikaw ay wala pa sa edad na 22).
- Ikaw ay dayuhang may taga-taguyod (sponsor) at ang kinikita ng tumataguyod sa iyo ay nagbago.
- Bumuti na ang iyong kalagayan, kung ikaw ay nakakuha ng benepisiyo sa SSI dahil sa may kapansanan o pagka-bulag.
- Hindi makakapunta sa mga appointments mo sa aming opisina.

---

## MGA PAALALA

- Kapag hindi mo na kayang mapangasiwaan ang iyong mga kitang pondo, kailangan mong ipagbigay-alam ito sa Social Security.
- Kami ay magbibigay ng libreng pagli-lingkod ng interpreter pagka humiling ka sa amin upang maisagawa ang iyong mga pakikipag-ugnayan sa Social Security. Mangyari lang na paki-tawagan muna kami para makakakuha kami ng sino mang nagsasalita ng iyong wika na matutulungan ka. Tingnan ang SSI Spotlight para sa mga Pagli-lingkod ng mga Interpreter.
- Ikaw at ang iyong kinatawan ay kailangang magbigay ng wasto at hustong kaalaman sa amin. Hindi pang-batasan ang pagbibigay ng maling kaalaman lalong lalo na kung ito ay sinadya at alam ninyo kung ano ang nangyari.
- Kailangan mong ipagbigay-alam sa amin ang lahat ng iyong pinagkuhaan ng pagga-gamutang pang-gagamot kapag nag-apply ka sa kadahilanan na rin ng kapansanan mo.
- Sa pangkalahatan, mayroon kang animnapung (60) araw upang ipagbigay-alam sa amin kung gusto mong mag-appeal ng kapasyahang hindi mo sinasang-ayunan.
- Kung halimbawang mababawian ka naman ng hiram mong buhay, kailangang ipagbigay-alam ito sa amin ng isa sa miyembro ng iyong pamilya o kaibigan.

Paunawa: Ang polyetong ito ay nagbibigay ng pangkalahatang paglalarawan ng iyong mga karapatan at katungkulan sa SSI. Hindi naman namin sinasadyang saklawan ang lahat ng bahagi ng batas sa kaalamang nilalaman nito. Para sa detalyadong kaalamang nauukol sa kaso mo, makipag-ugnayan sa Social Security.

## Para Sa Karagdagang Kaalaman

Mangyari lang na bumisita o sumulat sa saan mang tanggapan ng Social Security, o tawagan ang aming libreng telepono sa **1-800-772-1213**. Maaari kang makipag-usap sa aming kinatawan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas-7 ng gabi sa mga araw ng kalakalan. Kahit na kailan kapag ikaw ay tumawag, kailangang palagiang nakahanda ang numero mo ng Social Security.

May mga Tagalog din kaming kinatawan na maaaring makuha mo para makatulong sa iyong tawag. Sundin lang ang ituturong nararapat gawin para maka-panayam mo ang aming kinatawang nagsasalita ng Tagalog.

Ang nakatalang kaalaman at mga pag-tulong ay maaaring makuha ng dalawamput apat 24 na oras sa isang araw, kabilang na dito ang Sabado, Linggo at mga holidays.

Kung mayroon kang TTY na machine, maaari kang tumawag sa aming libreng TTY na telepono sa numerong, **1-800-325-0778**, sa pagitan ng alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi sa mga araw ng kalakalan.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag—maging ito ay naisagawa sa aming mga mga numerong libre, o sa isa sa aming mga lokal na tanggapan. Gusto din naming siguraduhin na maka-katanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Kung kaya may pangalawa kaming kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor sa telepono ng ilang pumapasok at lumalabas na tawag.

Maaari mo ring bisitahin ang aming website na nasa Internet sa: ***www.socialsecurity.gov*** at ***www.socialsecurity.gov/multilanguage***, para sa iba pang mga paksa ukol sa SSI o Social Security.

PANGKALAHATAN ANG KAALAMANG ITO.

PARA SA KARAGDAGANG PANG KAALAMAN, TAWAGAN ANG NUMERONG **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**), BISITAHIN ANG AMINGWEBSITE SA (***www.socialsecurity.gov***) INTERNET O MAKIPAG-BIGAY ALAM KA SA LOKAL NA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY.